# Diyos at Kasamaan: Ang Kaugnayan ng Kanilang Pag-iral / *God and Evil: The Relation of their Existence*

Napoleon M. Mabaquiao, Jr.
De La Salle University, Philippines
napoleon.mabaquiao@dlsu.edu.ph

Ang sanaysay na ito ay isang kritikal na pagsusuri sa isang malakas na argumento laban sa paniniwala sa pag-iral ng Diyos: ang *argumentong hango sa kasamaan*. Ayon sa argumentong ito, mali o hindi makatuwiran ang paniniwalang may Diyos na sukdulan ang talino, kabaitan, at lakas dahil ang paniniwalang ito diumano'y sumasalungat sa katotohanang may mga kasamaang nagaganap sa mundo. Nilalayong ipakita ng sanaysay ang kamalian ng naturang argumento sa dalawang bersyon nito—ang lohikal at ebidensyal na bersyon. Kritikal sa pagsasakatuparan ng layuning ito ang pagsasaalang-alang ng mga sumusunod: kung ang lawak ng kapangyarihan ng Diyos ay masusukat sa kanyang paggamit ng kapangyarihang ito; kung ang kabutihan ng Diyos ay binubuo lamang ng hangaring tanggalin ang mga kasamaan o pigilin ang kanilang kaganapan sa mundo; at kung ang pang-unawa ng tao ay sapat na batayan para maitakda ang saysay o pagkamakabuluhan ng mga kaganapan sa mundo.

**Mga Susing Salita:** Diyos, pag-iral ng Diyos, kasamaan, suliranin ng kasamaan, argumento mula sa kasamaan

*This essay is a critical analysis of a strong argument against the existence of God: the argument from evil. According to this argument, it is wrong or irrational to believe in that there is a God who is all knowing, wholly good, and all powerful because this belief allegedly contradicts the occurrence of evils in the world. This essay aims to demonstrate that this argument is mistaken in both of its two versions: the logical and evidential versions. Critical in this demonstration are the following considerations: whether the extent of God's power is measured by the extent of his use of this power; whether the goodness of God consists only of the intention to eliminate all evils or prevent their occurrence in the world; and whether human understanding is a sufficient basis for determining the sense or meaningfulness of events occurring in the world.*

***Keywords:*** *God, existence of God, evil, problem of evil, argument from evil*

Copyright © 2019 by De La Salle University

## Panimula

Ang isang masalimuot at mapaghamong katanungan sa pilosopiya ng relihiyon ay ang katanungang naghahanap ng makatuwirang paliwanag kung paanong mangyayaring may Diyos na sukdulan ang kabaitan, talino, at lakas, gayong may mga kasamaaang nagaganap sa mundo, tulad ng mga kasakitan o kahirapang nararanasan ng mga tao at hayop na tila walang saysay o kabuluhan. Ang katanungang ito ay ang siyang tinutugon ng tinaguriang *suliranin ng kasamaan (problem of evil)* sa larangan ng pilosopiya ng relihiyon. Para sa mga pilosopong tulad nina Agustin at Aquinas noong panahong medyebal, ang pagtugon sa suliraning ito ay naging isang pagkakataon upang mabigyang-linaw at katuwiran ang ilang mahahalagang elemento ng paniniwalang Kristiyanismo, lalo na sa aspekto ng mga katangiang taglay ng Diyos.[1] Subalit para naman sa mga ilang pilosopo sa kontemporanyong panahon, tulad nina J. L. Mackie (1955) at William Rowe (1996a, 1996b), ang pagtugon sa suliraning ito ay naging isang pagkakataon upang maipakita na may kamalian ang paniniwalang may Diyos. Ang kanilang pagsusuri sa naturang suliranin ay nauwi sa pagtataguyod ng isang malakas na argumento laban sa paniniwalang may Diyos—ang tinaguriang *argumentong hango sa kasamaan (argument from evil).* Binibigyang-diin sa argumentong ito ang punto na ang kaganapan ng mga kasamaan sa mundo ay lohikal na sinasalungat ang paniniwalang may Diyos, o kaya ay malakas na pinatutunayan na hindi makatuwiran na panghawakan ang naturang paniniwala.

Ang papel na ito ay isang kritikal na pagtugon sa hamon ng argumentong hango sa kasamaan. Ang pangunahing layunin ay ang ipakita ang kamalian sa pangangatuwiran ng nasabing argumento. Ito ay gagawin sa pagsasaalang-alang sa mga sumusunod na katanungan: una, kung ang lawak ng kapangyarihan ng Diyos ay masusukat sa kanyang paggamit ng kapangyarihang ito; ikalawa, kung ang kabutihan ng Diyos ay binubuo lamang ng hangaring tanggalin ang mga kasamaan o pigilin ang kaganapan ng mga ito sa mundo; at ikatlo, kung ang pang-unawa ng tao ay sapat na batayan para maitakda ang saysay o pagkamakabuluhan ng mga kaganapan sa mundo.

Ang talakayan ay mahahati sa apat na bahagi. Sa unang bahagi, ipakikilala ang argumentong hango sa kasamaan. Lilinawin dito ang konsepto ng kasamaan at ang kaibhan ng dalawang bersyon ng naturang argumento: ang *lohikal* at *ebidensyal* na bersyon (o ang mga bersyong panlohika at pangkatibayan). Ang pangangatuwiran ng argumento sa dalawang bersyong ito ay ilalatag, ayon sa pagkakabanggit, sa ikalawa't ikatlong bahagi ng sanaysay. Ang diskusyon sa mga bahaging ito ay tutuon sa mga palagay ng pilosopo na pangunahing kumakatawan sa bawat isa sa dalawang bersyon ng argumento: si J. L. Mackie para sa bersyong panlohika; at si William Rowe para naman sa bersyong pangkatibayan. Ang ikaapat na bahagi ay ilalaan sa kritikal na pagsusuri sa pangangatuwiran ng dalawang bersyon ng argumento.

## Kasamaan at ang Argumentong Hango sa *Kasamaan*

Ang katanungang bakit may kasamaan kung mayroon namang Diyos na sukdulan ang kabaitan, talino, at lakas ay hindi maipagkakaila na isa mga katanungan na sa ilang pagkakataon sa ating buhay ay dumaraan sa ating kamalayan, kung hindi man tuluyang bumabagabag sa ating isip. Ito ay kalimitang nangyayari sa gitna ng isang matinding kahirapan o kasakitan na maaaring pinagdaraanan natin nang personal, pinagdaraanan ng ating mga mahal sa buhay, o pinagdaraanan ng mga inosenteng tao—mga taong inaakala nating hindi karapat-dapat na dumanas ng mga ito tulad ng mga sanggol at batang musmos. Ito rin ay ating naitatanong kapag may nangyaring trahedya na nauwi sa pagkasawi ng maraming buhay at kapinsalaan, dulot man ng mga puwersa ng kalikasan, tulad ng isang malakas na lindol at bagyo[2] o ng isang karumal-dumal na kilos ng isang tao o grupo ng mga tao (ang mga tinatawag na "terorista").

Sa konteksto ng pagtalakay sa suliranin ng kasamaan sa pilosopiya ng relihiyon, ang kasamaan, sa pangkalahatan, ay inuunawa bilang anomang bagay o karanasan na hindi kanais-nais. Ang kasamaan ay ang konseptong kabaligtaran ng kabutihan na, sa pangkalahatan, ay tumutukoy sa anomang bagay o karanasan na kanais-nais. Dahil iba-iba ang antas ng pagiging kanais-nais at di kanais-nais ng isang bagay o karanasan, iba-iba rin ang antas ng kabutihan at kasamaan. Halimbawa, ang kilos na pagsisinungaling ay maaaring naising gawin ng isang tao dahil ito ay makatutugon sa isang pampersonal na interes tulad ng kagustohang makalamang sa kapwa o mapagtakpan ang kamaliang nagawa; subalit ito ay hindi kanais-nais

na gawin sa antas ng moralidad dahil ito ay lumalabag sa karapatan ng tao na malaman ang katotohanan. Ang naturang kilos, sa madaling salita, ay di kanais-nais, kaya masama, sa antas ng moralidad; subalit ito ay maaaring naisin, kaya mabuti, sa antas ng pansariling interes. Ipinapakita rito na hindi sumasalungat sa pangkalahatang pag-unawa sa kalikasan ng kasamaan bilang di kanais-nais ang kaganapang ninanais gawin ang isang masamang kilos.

Sa diskurso ng pilosopiya ng relihiyon, ang kasamaan ay kalimitang hinahati sa dalawang pangkalahatang uri: ang *kasamaang pampisikal (o pangkalikasan,* ang tinatawag na "physical/natural evil") at ang *kasamaang pangmoral* (ang tinatawag na "moral evil") (basahin si Reichenbach 1982, xi-xii). Ang kasamaang pampisikal ay tumutukoy sa mga kasamaan kung saan walang pananagutan ang tao. Ibig sabihin, ito ang mga kasamaang hindi maaaring isisi sa tao. Ito ay kinabibilangan ng mga kasamaang dulot ng kalikasan tulad ng bagyo, lindol, at genetika (tulad ng mga sakit na minana sa mga magulang), at ng mga hindi sinasadyang kilos ng tao (ang mga kasamaang dulot ng aksidente). Sa kabilang banda, ang kasamaang pangmoral ay tumutukoy sa mga kasamaang may pananagutan ang tao. Ibig sabihin, ito ang mga kasamaaang maaaring isisi sa tao. Ito ay kinabibilangan ng mga kasamaang dulot ng mga sinasadyang kilos ng tao. Kasama rito ang lahat ng mga kasakitan, pisikal o mental, at kasiraan sa kalikasan na dulot ng mga may pananagutang kilos ng tao.

Sa kontemporanyong diskurso sa pilosopiya ng relihiyon, ang suliranin ng kasamaan ay hinahati sa dalawang uri. Ang una ay tinatawag na *lohikal na suliranin ng kasamaan* ("logical problem of evil"), at ang ikalawa naman ay tinatawag na *ebidensyal na suliranin ng kasamaan* ("evidential problem of evil") (basahin si Howard-Snyder xi-xx). Ang direksyon ng mga pagsusuri ng mga kinikilalang kinatawan ng dalawang uri o bersyon ng suliraning ito—si J. L. Mackie para sa lohikal na bersyon, at si William Rowe para sa ebidensyal na bersyon—ay negatibo. Sa mga pagsusuring ito parehong isinusulong ang kaisipan na sa harap ng katotohanang may kasamaan sa mundo, mali o hindi makatuwirang panghawakan ang paniniwalang may Diyos. At ito nga ay dahil sa ang katotohanang may mga kasamaang nagaganap sa mundo ay di umano sinasalungat ang paniniwalang may Diyos. Dahil dito, ang tinaguriang *suliranin ng kasamaan* ay mas minamarapat na tawagin na "argumentong hango sa kasamaan," na ang kompletong pakahulugan ay *argumento laban sa paniniwalang may Diyos hango sa kaganapan ng mga kasamaan sa mundo.* Alinsunod dito, ang naturang dalawang bersyon ng suliranin ng kasamaan ay mas minamarapat na ring ituring na dalawang bersyon ng argumentong hango sa kasamaan: ang *lohikal na argumentong hango sa kasamaan* at ang *ebidensyal na argumentong hango sa kasamaan.*

Dalawa ang pangkalahatang kaibhan ng dalawang bersyong ito ng argumentong hango sa kasamaan. Una, ang kasamaang isinasaalang-alang sa lohikal na uri ay anomang posibleng kasamaan o kasamaan sa pangkalahatan; subalit ang kasamaang isinasaalang-alang sa ebidensyal na uri ay nakatuon sa mga matitinding paghihirap na inaakalang walang-saysay. Kaugnay nito, ang lohikal na uri ay naghahanap ng makatuwirang paliwanag sa parehong pag-iral ng Diyos at kasamaan sa pangkalahatan; at ang ebidensyal na uri ay naghahanap ng makatuwirang paliwanag sa parehong pag-iral ng Diyos at ng mga inaakalang walang-saysay na matitinding kasamaan.

Ikalawa, ang proseso ng paghihinuha o pangangatuwiran sa lohikal na uri ay *deduktibo*, subalit ang sa ebidensyal na uri ay *induktibo.* Ang isang implikasyon nito ay ang kongklusyon ng lohikal na uri ay pinaniniwalaang may kasiguraduhan ("certainty"), samantala ang sa ebidensyal na uri ay may mataas na antas ng probabilidad ("high degree of probability") lamang. Ipagpalagay na negatibo ang kongklusyon ng pagsusuri sa suliranin ng kasamaan. Ibig sabihin, ipagpalagay na walang makitang makatuwirang paliwanag sa kaugnayan ng pag-iral ng Diyos sa pag-iral ng kasamaan; kung kaya ang isinusulong na kongklusyon ay mali ang paniniwala sa pag-iral ng Diyos o kaya walang umiiral na Diyos. Para sa lohikal na uri, ang hinuha na walang Diyos ay may kasiguraduhan; samantala, para naman sa ebidensyal na uri, ito ay may mataas na probabilidad lamang. Sa dalawang sumusunod na seksyon, ating siyasatin ang mga detalye ng pangangatuwiran ng dalawang argumentong ito.

## Ang Lohikal na Argumento

Ang pangunahing kinikilalang kumakatawan sa lohikal na argumentong hango sa kasamaan ay ang pagsusuring ginawa ni J. L. Mackie sa

kanyang klasikong papel na pinamagatang "Evil and Omnipotence" (1955). Sa papel na ito, ipinakita ni Mackie kung bakit, sa kanyang pang-unawa, lohikal na magkasalungat ang pag-iral ng Diyos at ang pag-iral ng kasamaan. Ginawa ito ni Mackie sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa kaugnayan ng sumusunod na tatlong pangunahing pahayag (P):

P1: Sukdulan ang kabaitan ng Diyos.
P2: Sukdulan ang lakas (o kapangyarihan) ng Diyos.
P3: May kasamaang nangyayari sa mundo.

Tumuon si Mackie sa dalawang katangian ng Diyos, ang pagiging sukdulan ng kanyang kabaitan at lakas, upang ipakita ang kontradiksyon ng pag-iral ng Diyos sa pag-iral ng kasamaan sa mundo. Para kay Mackie, kung totoo ang P1, nanaisin ng Diyos na tanggalin ang anomang kasamaan sa mundo, o kaya ay pigilan ang kaganapan nito. Mahihinuhang ipinapalagay na ni Mackie dito ang isa pang katangian ng Diyos, ang kanyang pagiging sukdulan ng talino, na nagbibigay ng kakayahan sa Diyos na malaman ang lahat ng mga kasamaang posibleng maganap. Kung totoo naman ang P2, sa pang-unawa ni Mackie, kakayahin ng Diyos na tanggalin ang anomang kasamaan sa mundo o pigilan ang kaganapan nito.

Sa ganitong pang-unawa sa P1 at P2, may tatlong posibleng mahihinuha sa ugnayan ng P1, P2, at P3, na nagpapakita na hindi sila maaaring maging totoo lahat. Sa ibang pananalita, ang mga ito ay nagpapakita na ang ituring silang lahat na totoo ay magbubunga ng isang kontradiksyon (Ang kontradiksyon ay nangyayari kung itinuturing ang isang pahayag na parehong tama at mali sa parehong konteksto). Ang tatlong posibleng mahihinuha sa ugnayan ng P1, P2, at P3 ay ang mga sumusunod:

1. *Kung parehong totoo ang P1 at P2, hindi totoo ang P3.*[3] Ibig sabihin, kung totoong sukdulan ng bait at lakas ang Diyos, hindi totoong may mga kasamaang nagaganap sa mundo. Ito ay dahil kung nanaisin niyang tanggalin ang lahat ng mga kasamaan at kakayahin niyang gawin o isakatupuran ito, gagawin niya ito; at kung magkakagayon, mawawala ang anomang kasamaan sa mundo.
2. *Kung parehong totoo ang P1 at P3, hindi totoo ang P2.*[4] Ibig sabihin, kung totoong sukdulan ng bait ang Diyos at may kasamaan sa mundo, hindi totoong sukdulan ng lakas ang Diyos. Dahil kung nais niyang tanggalin ang lahat ng kasamaan sa mundo, subalit nanatiling may kasamaan sa mundo, hindi niya, samakatuwid, kayang isakatupuran ang nais niyang ito, o wala siyang sapat na kakayahan na gawin ito.
3. *Kung parehong totoo ang P2 at P3, hindi totoo ang P1.*[5] Ibig sabihin, kung totoong sukdulan ng lakas ang Diyos at may kasamaang nagaganap sa mundo, hindi totoong sukdulan ng bait ang Diyos. Dahil kung may sapat na lakas o kakayahan ang Diyos na tanggalin ang lahat ng kasamaan sa mundo, subalit nananatiling may mga kasamaang nagaganap sa mundo, hindi niya, samakatuwid, nais tanggalin ang lahat ng kasamaan sa mundo.

Sa kabuuan, kung totoo ang P3, hindi maaaring parehong totoo ang P1 at P3: maaaring (a) mali ang P1 at tama ang P2; (b) tama ang P1 at mali ang P2; o (k) parehong mali ang P1 at P2.[6] Ibig sabihin, kung totoong may nagaganap na mga kasamaan sa mundo, hindi parehong totoo na sukdulan ng bait at lakas ang Diyos. Maaaring siya ay sukdulan ng bait subalit hindi naman sukdulan ng lakas; maaaring hindi sukdulan ng bait subalit sukdulan naman ng lakas; o maaaring parehong hindi sukdulan ng bait at lakas. Ngayon, hindi maitatangging may mga kasamaang nangyayari sa mundo, anoman ang antas o uri nito; samakatuwid, hindi totoong sukdulan ng bait at lakas ang Diyos.[7]

Subalit ang Diyos na hindi sukdulan ng bait o sukdulan ng lakas ay hindi isang tunay na Diyos. Ang Diyos, bilang isang perpektong entidad, ay sukdulan ang mga katangian. Para kay Mackie, ang lohikal na solusyon sa suliranin ng kasamaan ay ang itanggi ang pag-iral ng Diyos. Matapos ilatag ni Mackie ang kanyang lohikal na pagsusuri sa suliranin ng kasamaan, sinuri naman niya ang mga argumentong naglalayong depensahan ang posisyon na hindi salungat ang pag-iral ng Diyos at kasamaan. Binibigyang-katuwiran ng mga argumentong ito kung bakit may kasamaan bagama't may Diyos na sukdulan ng bait, lakas, at talino. Dalawa ang pangunahin sa mga argumentong ito: isinasaad ng una na kailangan ang kasamaan; samantalang isinasaad naman ng ikalawa na ang sanhi ng kasamaan ay hindi ang Diyos.

Bakit kailangan ang kasamaan sa mundo? Dalawa ang dahilan na isinusulong. Ayon sa unang dahilan, kailangan ang kasamaan para matukoy o makilala ang kabutihan. Ang palagay ay natutukoy lamang natin ang isang konsepto o realidad sa konteksto ng kaibhan nito sa isang kabaligtarang konsepto. Natutukoy natin, halimbawa, ang kulay pula dahil nakikita natin ang kaibhan nito sa mga kulay na hindi pula. Kung gayon, kung ang lahat ng ating nakikita ay kulay pula, hindi natin tuluyang mauunawaan at matutukoy kung ano talaga ang kulay pula. Alinsunod sa pangangatuwirang ito, kung ang lahat ng nakikita natin ay kabutihan, hindi natin tuluyang mauunawaan kung ano talaga ang kabutihan.

Ayon naman sa ikalawang dahilan, kailangan ang kasamaan dahil may ilang kasamaan na nagbibigay-daan sa, o nagiging sanhi ng pag-iral ng ilang kabutihan. Kung nakasalalay ang pag-iral ng mga kabutihang ito sa pag-iral ng ilang kasamaan, kailangan, samakatuwid, ang mga kasamaang ito kung nais nating matamo ang mga kabutihan. Ayon pa sa argumentong ito, dahil ang mga kabutihang dulot ng kasamaan ay pinahihigit ang kabuuang kabutihan sa mundo, mas maigi ang mundong may kasamaan kaysa sa mundong walang kasamaan. Ang palagay ay mas higit ang kabutihan sa mundo kung ito ay may kasamaan kaysa kung wala itong kasamaan.

Binatikos ni Mackie ang mga argumentong ito. Para sa unang argumento, ipinalagay niya na kung kailangan ang kasamaan para matukoy ang kabutihan at sukdulan ng bait at lakas ang Diyos, maliit o kaunting kasamaan lamang ang dapat na hinahayaang maganap ng Diyos. Tulad ng sitwasyong kung saan para matukoy ang kaputian ng buong papel ay sapat na ang lagyan ito ng isang itim na tuldok, kaunting kasamaan lamang lang kailangan upang matukoy ang mga kabutihan sa mundo. Subalit, para kay Mackie, hindi ganito ang sitwasyon. Tila napakaraming kasamaang nagaganap sa mundo; at kung ganito, hindi talagang sukdulan ng bait at lakas ang Diyos. Kung sapat na ang konting kasamaan para matukoy ang kabutihan, nagawa niya sanang kaunti lamang ang mga kasamaang nagaganap sa mundo. At para naman sa punto na kailangan ang kasamaan dahil ito ay nagdudulot ng mga higit na kabutihan, ang sagot ni Mackie ay kung totoong sukdulan ng bait at lakas ang Diyos nagawa niya sanang hindi na kailanganin pa ang kasamaan para umiral ang mga kabutihang sinasabing idinudulot ng kasamaan. Bukod pa rito, ang ilang kasamaan, ayon kay Mackie, ay nagbibigay-daan din naman sa pag-usbong ng mga mas higit na kasamaan, tulad ng kalupitan, karahasan, kaduwagan, at kawalan ng habag. Kaya, hindi masasabing ang mundong may kasamaan ay mas higit ang kabutihan kaysa sa mundong walang kasamaan.

Para naman sa ikalawang argumento, na nagsasaad na ang kasamaan ay hindi galing sa o hindi gawa ng Diyos dahil ito ay sanhi ng kalayaan o malayang kalooban ng tao, ang batikos ni Mackie sa puntong ito ay ang sumusunod. Dahil sa kalayaan ng tao, ang tao ay nakagagawa ng mabubuting at masasamang kilos. Ngayon, ayon kay Mackie, kung totoong sukdulan ang kapangyarihan o lakas ng Diyos, makakaya niyang gawin na ang mga tao ay palaging malayang pinipili na gawin ang mabubuting kilos. Kung gagawin ng Diyos na palaging mabubuting kilos lamang ang pipiliing gawin ng tao, natural na isipin na mawawala na ang kalayaan ng tao dahil ito ay nangangahulugan na Diyos na, hindi na ang tao, ang nagtatakda sa kung ano ang ikikilos ng tao. Subalit para kay Mackie, kung totoong sukdulan ang kapangyarihan ng Diyos, hindi imposible na gawin ng Diyos ito: na panatiliing malaya ang tao bagama't palaging mabubuting kilos lamang ang kanyang pipiliing gawin. At dahil nakagagawa pa rin ng masasamang bagay ang tao, ang ibig sabihin nito ay hindi kayang gawin ng Diyos ito kaya hindi totoong sukdulan ang kanyang kapangyarihan; o kaya naman ay kaya niyang gawin ito subalit hindi niya ito nais gawin na nangangahulugan naman na hindi totoong sukdulan ang kanyang kabaitan.

Ang isa sa mga bumatikos kay Mackie sa puntong ito ay si Alvin Plantinga. Ayon kay Plantinga (1974, 29-33), isang kontradiksyon ang mangyayari kung sisiguruhin ng Diyos na ang malalayang desisyon ng mga tao ay palaging kikiling sa mga tamang desisyon. Kung sisiguruhin ng Diyos na palaging tama ang mga magiging desisyon ng mga tao, hindi na malaya ang mga tao. Para kay Plantinga, kung mayroon mang limitasyon ang kakayahan ng Diyos, ito ay ang gumawa ng mga imposibleng bagay tulad ng kwadradong tatsulok (o ng isang batong hindi kayang buhatin ng Diyos). Ang siguruhing palaging tama ang mga desisyon ng mga tao at manatili silang malaya ay imposible. Subalit ang limitasyong ito ay hindi kakulangan sa kakayahan ng Diyos dahil nga ang mga bagay na ito ay imposible. Sa madaling salita, ang punto ni Plantinga ay labas sa sukdulang kapangyarihan ng Diyos ang gumawa ng mga imposibleng bagay, tulad

na nga na gawing malaya ang tao at gawing palaging mabubuting kilos lamang ang kanilang pipiliing gawin. Dagdag pa ni Plantinga, ang mundo kung saan may kasamaan subalit malaya ang mga tao ay mas mabuti kaysa sa mundo na walang kasamaan subalit hindi malaya ang mga tao. Kaya, naaayon pa rin sa sukdulang kabaitan ng Diyos na gawing malaya ang tao bagama't ito ay nagbibigay-daan sa pagkakaroon ng mga kasamaan sa mundo.

Gayunpaman, mapapansin na ang mga batikos ni Mackie ay umiikot sa pagpapakita na ang mga naturang konsiderasyon ay hindi naiaalis ang kontradiksyon o pagkakasalungatan ng pag-iral ng kasamaan at ng pag-iral ng Diyos na sukdulan ng bait at lakas. Kahit pa ipagpalagay na kailangang umiral ang kasamaan at ito ay sanhi ng malayang kalooban ng tao, umuusbong pa rin ang naturang kontradiksyon. Kaya, para kay Mackie, hindi matagumpay ang mga argumentong ito na ipagkasundo ang pag-iral ng Diyos sa pag-iral ng kasamaan, o na depensahan ang pag-iral ng Diyos laban sa argumentong hango sa kasamaan.

## Ang Ebidensyal na Argumento

Tumungo tayo sa pagsusuri ni Rowe, ang kumakatawan sa ebidensyal na argumentong hango sa kasamaan. Nilatag ni Rowe ang kanyang mga argumento sa dalawang artikulo, ang una ay pinamagatang "The Problem of Evil and Some Varieties of Atheism" (1996a) at ang ikalawa ay pinamagatang "The Evidential Argument from Evil: A Second Look" (1996b). Nilagom ni Rowe (1996a, 2-3) ang kanyang mga argumento sa tatlong pahayag:

1. May nagaganap na matitinding paghihirap na maaari sanang napigilan ng Diyos, bilang isang entidad na sukdulan ang lakas at talino, nang hindi hahantong sa pagkawala ng mas higit na kabutihan o sa pagkakaroon ng kasing tindi o mas matindi pa na kasamaan.
2. Pipigilan ng Diyos, bilang isang entidad na sukdulan ang talino at bait, ang kaganapan ng anomang matinding paghihirap sa abot ng kanyang kakayahan, maliban kung hindi niya ito magagawa nang hindi hahantong sa pagkawala ng mas higit na kabutihan o sa pagkakaroon ng kasintindi o mas matindi pa na kasamaan.
3. Samakatuwid, walang Diyos o entidad na sukdulan ng talino, lakas, at bait.

Tila masalimuot ang pormulasyon ng kapahayagan ni Rowe, kaya, bago natin siyasatin ang mga palagay ng mga ito, subukan muna nating simplihan ito. Una sa lahat, may dalawang uri ng kasamaan na tinutukoy si Rowe:

1. Ang kasamaang di makatuwirang hayaang mangyari. Tawagin natin itong *kasamaang walang saysay*. Walang saysay na hayaang mangyari ito ng Diyos dahil kung pipigilan itong mangyari, wala namang mas matinding kabutihan ang mawawala; o kaya ay wala namang iba pang kasamaan (na maaaring kasintindi o mas matindi pa sa unang kasamaan) ang mapipigilang mangyari.
2. Ang kasamaang makatuwirang hayaang mangyari. Tawagin natin itong *kasamaang may saysay.* Ito ang kasamaang kapag hinayaang mangyari ay magdudulot ng pagkakaroon ng mas matinding kabutihan o kaya ay mapipigilan ang pagkakaroon ng iba pang kasamaan na kasintindi o mas matindi pa sa naunang kasamaan.

Ipagpalagay ang kasamaang pagpatay sa isang tao. Kung ito ay pipigilang mangyari, (1) mayroon bang mas higit na kabutihan ang mawawala? O kaya, (2) mayroon bang iba pang kasamaan (na kasintindi o mas higit pa ang kasamaan) na mapipigilan din? Kung ang sagot sa dalawang tanong ay "wala", ang naturang kasamaan ay walang saysay; kung "oo," ito ay may saysay. Hango sa pagkakaiba ng kasamaang walang saysay at kasamaang may saysay, ang sumusunod ay isang pinasimpleng bersyon ng argumento ni Rowe:

1. Kung may Diyos, dapat walang nagaganap na kasamaang walang saysay. Ito ay dahil bilang sukdulan ng bait, nanaisin niyang pigilan ang kaganapan nito; at bilang sukdulan ng lakas, makakaya niyang pigilan ang kaganapan ng mga ito.
2. May nagaganap na kasamaang walang saysay sa mundo, gaya ng matitinding paghihirap.
3. Samakatuwid, walang Diyos.

Suriin natin ngayon ang mga pahayag sa argumento ni Rowe. Ang unang dalawang pahayag ay ang mga saligang-pahayag (*premises*) na nagbibigay-katuwiran sa ikatlong pahayag na siyang tumatayong kongklusyon ng argumento. Para kay Rowe, siguradong totoo ang unang saligang-pahayag: ito ay ipinapalagay niyang parehong sinasang-ayonan ng mga teista (ang mga naniniwala sa pag-iral ng Diyos) at ateista (ang mga hindi naniniwala sa pag-iral ng Diyos). Malinaw na ipinapakita rito ang pagkakaiba ng argumento ni Rowe sa argumento ni Mackie. Muli, para kay Mackie, salungat ang pag-iral ng Diyos sa pag-iral ng *anomang kasamaan*. Ayon kay Mackie, kung totoong may Diyos na sukdulan ng bait at lakas, dapat walang anomang kasamaang umiiral sa mundo. Sa kabilang banda, para naman kay Rowe, salungat lamang ang pag-iral ng Diyos sa pag-iral ng mga *kasamaang walang saysay.* Kung ang lahat ng mga kasamaan ay nangyaring may saysay, hindi magbibigay ng hamon ang kasamaan sa pag-iral ng Diyos. Subalit, para kay Rowe, hindi lahat ng kasamaang nagaganap ay may saysay. Para sa kanya, may mga kasamaang walang saysay at ito ang sumasalungat sa sukdulang kabaitan, katalinuhan, at kapangyarihan ng Diyos. Makatuwirang hayaan ng Diyos na sukdulan ang bait, talino at lakas ang kaganapan ng mga kasamaang may saysay; subalit hindi ang mga kasamaang walang saysay.

Tungkol sa ikalawang pahayag ("May nagaganap na kasamaang walang saysay sa mundo, gaya ng matitinding paghihirap."), hindi ipinapalagay ni Rowe na siguradong totoo ang pahayag na ito; sa halip, ang kanyang isinusulong ay ang pahayag na ito ay *makatuwirang paniwalaang totoo*. Ito ay dahil, ayon sa kanya, mas mataas ang probabilidad na ito ay tama kaysa mali. Ngayon, kung totoo ang unang pahayag ("Kung may Diyos, dapat walang nagaganap na kasamaang walang saysay. Ito ay dahil bilang sukdulan ng bait, nanaisin niyang pigilan ang kaganapan nito at bilang sukdulan ng lakas, makakaya niyang pigilan ang kaganapan ng mga ito.") at makatuwirang paniwalaan naman ang ikalawang pahayag, hinihinuha ni Rowe na makatuwirang paniwalaang totoo rin ang ikatlong pahayag ("Samakatuwid, walang Diyos."). Lumalabas sa pangangatuwirang ito na kritikal ang papel na ginagampanan sa argumento ni Rowe ang ikalawang pahayag. Dahil dito, atin ngayong siyasatin kung ano ang batayan ni Rowe sa kanyang palagay na makatuwirang paniwalaan ang pahayag na ito.

Bilang tugon sa naturang tanong, nagbigay ng dalawang halimbawa si Rowe para sa di umano'y matitinding paghihirap na naganap o posibleng maganap. Para sa pisikal o natural na kasamaan, ibinigay niya ang kaso ng isang usa na nakulong sa isang bahagi ng gubat na nasusunog sanhi ng pagtama ng kidlat sa isang puno doon. Nasunog ang usa at nasa matinding paghihirap nang ilang araw bago ito namatay. Ang halimbawang ito ay tinawag niyang E1 (*Example 1*). Para sa moral na kasamaan, ibinigay niya ang kaso ng limang taong gulang na batang babae na ginahasa, binugbog, at pagkatapos ay sinakal hanggang mamatay (Rowe 1996b, 262). Ang halimbawang ito ay tinawag niyang E2 (*Example 2*). Para kay Rowe, ang E1 at E2 ay mga halimbawa ng matitinding paghihirap na walang saysay dahil hindi natin mahanapan ng magandang dahilan kung bakit kailangang mangyari ang mga ito. Tila wala namang mas matinding kabutihan na maisusulong o mas matinding kasamaan na maiiwasan ang kaganapan ng matitinding paghihirap na ito. Sa pagsaalang-alang ng dalawang halimbawang ito, binigyan ni Rowe ng panibagong pormulasyon ang kanyang argumento sa sumusunod (Rowe 1996b, 263):

P: Wala tayong alam na kabutihan na magbibigay-katuwiran sa Diyos (bilang isang entidad na sukdulan ng lakas, talino, at bait) na hayaang mangyari ang E1 at E2;
samakatuwid,
Q: walang kabutihan na magbibigay-katuwiran sa Diyos na hayaang mangyari ang E1 at E2;
samakatuwid,
-G: walang Diyos (na sukdulan ng lakas, talino, at bait).

Mapapansin ngayon na dalawang pangangatuwiran ang bumubuo sa argumento: ang unang pangangatuwiran ay mula P patungong Q; at ang ikalawang pangangatuwiran ay mula Q patungong –G. Ayon kay Rowe, ang unang pangangatuwiran ay induktibo, subalit ang pangalawa ay deduktibo. Ang katotohanan ng P ang nagbibigay-katuwiran na dapat paniwalaang totoo ang Q. At kung makatuwirang paniwalaang totoo ang Q, ganoon din ang –G.

Unang Pangangatuwiran: P, samakatuwid, Q. (Induktibo)
Ikalawang Pangangatuwiran: Q, samakatuwid, -G (Deduktibo)

Ang pangangatuwirang mula P hanggang Q, sa katunayan, ay ang tumatayong batayan ni Rowe kung bakit makatuwirang paniwalaang totoo ang ikalawang saligang-pahayag sa unang pormulasyon ng kaniyang argumento (na may nagaganap na di makatuwirang kasamaan sa mundo). Kung pagsasamahin ngayon ang una at ikalawang pormulasyon ng kanyang argumento, ganito ang mangyayari:

1. Ang E1 at E2 ay mga halimbawa ng mga kasamaang walang saysay.
2. Kung may Diyos, pinigilan dapat niya na maganap ang E1 at E2.
3. Naganap ang E1 at E2.
4. Samakatuwid, walang Diyos.

## Kritikal na Pagsusuri

Matapos nating masiyasat ang mga detalye ng pangangatuwiran ng mga argumento nina Mackie at Rowe, na kumakatawan, sa gayong pagkakasunod, sa lohikal na bersyon at ebidensyal na bersyon ng argumentong hango sa kasamaan, tumungo naman tayo sa mga posibleng kahinaan ng mga argumentong ito.

### *Laban kay Mackie*

Dalawang magkaugnay na argumento ang ating isusulong laban sa mga argumento ni Mackie (na una nang nailatag sa Mabaquiao 2017). Ang una ay may kinalaman sa hindi pagsasaalang-alang ni Mackie na ang iba pang katangian ng Diyos, tulad ng kanyang pagiging makatarungan at marunong ("wise"), ay may mahalagang ginagampanang papel sa kung paano nakikipag-ugnay ang Diyos sa pag-iral ng kasamaan. Ang ikalawa ay ang pagkalito ni Mackie sa dalawang kaisipan: (1) ang *hindi ipinasiyang gawin ng Diyos;* at (2) ang *hindi kayang gawin ng Diyos*. Para malinaw na maipahayag ang punto ng mga argumentong ito, gumawa tayo ng isang ilustrasyon.

Ipagpalagay na si G. Fernandez ay isang ideyal na guro. Bilang isang ideyal na guro, taglay ni G. Fernandez ang mga katangian ng isang ideyal na guro, tulad ng pagiging matalino, magaling magturo, responsible sa kaniyang mga tungkulin, mabait, at may awtoridad. Sa mga katangiang taglay ni G. Fernandez, tumuon tayo sa kanyang pagiging mabait at may sapat na awtoridad. Bilang mabait na guro, hinahangad ni G. Fernandez na ang lahat ng kanyang mga estudyante ay makapasa sa lahat ng kanyang mga klase. At bilang may sapat na awtoridad, may kakayahan siyang ipasa o ibagsak ang lahat o ilan sa kanyang mga estudyante. Subalit, ipagpalagay na may ilang estudyante si G. Fernandez na bumababagsak sa mga ilang klase niya. Ilagay natin ang mga pahayag na ito sa maayos na estruktura:

F1. Mabait si G. Fernandez kaya hinahangad niyang ipasa ang lahat ng kanyang mga estudyante sa lahat ng kanyang mga klase.
F2. May sapat na awtoridad si G. Fernandez kaya may kakayahan siyang ipasa o hindi ipasa ang ilan o lahat sa kanyang mga estudyante.
F3. May ilang estudyante si G. Fernandez na bumababagsak (o hindi pumapasa).

May mga kontradiksyon bang mangyayari sa pagitan ng mga pahayag na ito? Maaaring isipin na dahil bumababagsak ang ilang estudyante ni G. Fernandez, ito ay nangangahulugan na:

K1: Bagama't hinahangad niyang ipasa lahat ang kanyang mga estudyante, hindi niya kayang gawin ito. Kung ganito, hindi totoong may sapat na awtoridad si G. Fernandez.
K2: Bagama't kaya niyang ipasa lahat ang kanyang mga estudyante, hindi niya hinahangad ito. Kung ganito, hindi totoong mabait si G. Fernandez.
K3: Hindi hinahangad at hindi rin kayang ipasa lahat ni G. Fernandez ang kanyang mga estudyante sa lahat ng kanyang mga klase. Kung ganito, hindi totoong mabait at may sapat na awtoridad si G. Fernandez.

Ngayon, kung totoo ang isa man lang sa K1, K2, at K3, hindi isang ideyal na guro si G. Fernandez. Subalit, sadya nga bang may mga kontradiksyon dito? Mukhang wala. Walang kontradiksyon kung may babagsak sa mga estudyante ni G. Fernandez bagama't totoong hangad niyang ipasa ang lahat at may sapat na kakayahan siyang ipasa ang mga ito. Ito

ay dahil si G. Fernandez, bilang isang ideyal na guro, ay makatarungan din, na ipapasa lamang ang mga estudyante kung ang mga ito ay karapat-dapat ngang ipasa. Bukod sa pagiging makatarungan sa pagbibigay ng grado, si G. Fernandez, bilang isang ideyal na guro, ay isa ring magaling na guro kung saan, bukod sa mga katangiang nabanggit, hinahangad niya ang mataas na kalidad ng edukasyon para sa kanyang mga estudyante. Kung kaya, hindi ibababa ni G. Fernandez ang kalidad ng kanyang pagtuturo at pagbibigay ng mga pagsusulit para lamang maipasa pati ang mga di karapat-dapat na pumasa.

Ang punto ay may mga kontradiksyong mangyayari sa mga naturang pahayag kung lilimitahan lamang natin ang mga katangian ni G. Fernandez sa pagiging mabait at may sapat na awtoridad. Subalit, hindi ganito ang isang ideyal na guro; siya rin ay, bukod sa mga iba pa, makatarungan at nagnanais itaas ang kalidad ng edukasyon. Ganito rin ang mangyayari kung lilimitahan natin ang mga katangian ng Diyos, tulad ng ginawa ni Mackie, sa hangaring tanggalin o pigilan ang mga kasamaan sa mundo at sa kapangyarihang tanggalin o pigilan ang mga kasamaan sa mundo. Ang iba pang katangian ng Diyos ay may ginagampanang mahalagang papel din sa desisyon ng Diyos kung paano niya gagamitin ang kanyang kapangyarihan.

Tumungo tayo sa ikalawang argumento laban kay Mackie. Kung hindi ipinasa ni G. Fernandez ang ilan sa kanyang mga estudyante, hindi ibig sabihin nito na hindi niya kaya o wala siyang sapat na awtoridad o kapangyarihan na ipasa ang mga ito. Pinili lamang niya na hindi ipasa ang mga ito hango sa kanyang makatuwirang paghuhusga. Nang sabihin ni Mackie na hindi totoong sukdulang makapangyarihan ang Diyos dahil (a) hindi niya kayang gumawa ng kabutihan nang walang kasamaan na pagkukumparahan, (b) hindi niya kayang gumawa ng kabutihan nang hindi kaparaanan ng kasamaan, (c) hindi niya kayang gumawa ng isang mas maiging kalawakan na kaunti lamang ang kasamaan, at (d) hindi niya kayang gumawa ng mga malalayang tao na palaging pipiliing gawin ang mabubuting kilos, ipinapalagay niya na dahil hindi piniling gawin ang mga ito ng Diyos ay hindi na niya kayang gawin ang mga ito. Kung totoong perpekto ang Diyos (o sukdulan ang kanyang mga katangian), kaya niyang gawin ang lahat ng mga ito subalit pinili lamang niyang hindi gawin sa mga kadahilanang naaayon sa kanyang banal na karunungan.

*Laban kay Rowe*

Ayon muli kay Rowe, may matitinding kahirapan, tulad ng E1 at E2, na ang kanilang kaganapan ay hindi natin mahanapan, maisipan, o makitaan na magdudulot ng mas malaking kabutihan (o pipigil sa mas malaking kasamaan). Dahil dito, malamang o mataas ang probabilidad na walang Diyos; dahil kung may Diyos na tunay na sukdulan ang kabaitan at lakas o kapangyarihan, hindi niya hahayaang mangyari ang matitinding kasakitan na ito. Mapapansin na ang batayan ni Rowe para sabihing malaki ang probabilidad na walang mas malaking kabutihan na magbibigay-katuwiran (o magbibigay-saysay) sa hindi pagpigil ng Diyos na maganap ang mga pangyayaring katulad ng E1 at E2 ay *ang ating sariling (pantaong) kaalaman o di kaalaman.* Ibig sabihin, dahil sa ating sariling pag-iisip (o pagkakaalam) ay wala tayong makitang mas malaking kabutihang maidudulot (o mas malaking posibleng kasamaang mapipigil) ang kaganapan ng mga pangyayaring katulad ng E1 at E2, samakatuwid, malaki ang probabilidad na kahit ang Diyos mismo ay walang iniisip (o sa kanyang sariling pag-iisip ay walang nakikita) na mas malaking kabutihan na maidudulot (o mas malaking posibleng kasamaang mapipigil) ang hindi niya pagpigil sa kaganapan ng E1 at E2. Ngunit ang Diyos na hinahayaang mangyari ang mga walang saysay na kasamaan ay hindi tunay na Diyos. Kaya kung patuloy na nagaganap ang mga walang saysay na kasamaan, wala talagang umiiral na Diyos.

Una, ipagpalagay natin na totoo ngang wala tayong makita o maisip na mas malaking kabutihan na maidudulot (o mas malaking posibleng kasamaan na mapipigil) ang kaganapan ng mga pangyayaring katulad ng E1 at E2, paano nangyayari na ito ay sapat na batayan para sabihin na malaki ang probabilidad na sa isip mismo ng Diyos wala siyang nakikitang mas malaking kabutihan na maidudulot (o mas malaking posibleng kasamaang mapipigil) sa kanyang hindi pagpigil sa kaganapan ng mga naturang pangyayari. Kung hindi natin nakikita ang isang bagay, hindi kaagad na nangangahulugang wala ito, o malaki ang probabilidad na wala nga ito [tingnan ang diskusyon ni Wykstra (1996, 126-150) tungkol sa puntong ito]. May mga bagay sa kalawakan, halimbawa, ang hindi natin nakikita, kahit na gamit pa ang kasalukuyang pinakamalakas na teleskopyo, hindi ibig sabihin nito na malaki ang probabalidad na wala nang ibang umiiral sa kalawakan maliban sa mga nakikita natin.

May mga tunog, halimbawa, na hindi natin kayang marinig, subalit kaya namang marinig ng ibang hayop. Kaya, kung may mga pangyayari rito sa mundo na hindi natin makita ang saysay o katuwiran, hindi agad nangangahulugan na wala na talaga itong saysay o katuwiran, sa isip ng Diyos o sa esensyal nilang kalikasan. May mga limitasyon ang ating kapasidad na pag-unawa o pag-alam; kaya hindi maaaring maging sapat na batayan ang naaabot ng ating kaalaman para gumawa ng paghuhusga sa kung ano ang naiisip ng Diyos.

Ikalawa, na kaugnay ng nauna, maaaring ngang totoo na wala tayong nakikitang saysay sa ilang matitinding paghihirap na nagaganap sa mundo, tulad ng E1 at E2, na matutukoy at maipahahayag natin sa partikular; subalit hindi ito nangangahulugan na hindi natin maaaring kilalanin na may saysay ang mga ito. Una sa lahat, sino nga ba ang "tayo" na tinutukoy rito (na sinasabing walang makitang saysay sa mga pangyayaring tulad ng E1 at E2)? Ito ba ay ang lahat ng tao? Kasi kung ang mga teista o mga naniniwala sa Diyos ang tatanungin, hango sa kanilang pananampalataya, sila ay nagtitiwala sa banal na karunungan ("divine wisdom") ng Diyos na ang lahat ng mga nangyayari sa mundo ay may kaukulang saysay, hindi man nila maunawaan o malaman at maipahayag ito. Sa kanilang paniniwala, ang Diyos mismo ang magbibigay ng saysay sa mga kaganapang hindi natin makitaan ng saysay. Kung naniniwala tayong may saysay ang lahat ng mga kaganapan dito sa mundo sa pananaw ng Diyos, at tayo ay naniniwala sa Diyos, kinikilala na rin natin na may saysay nga ang mga ito bagama't sa ating sariling pag-iisip ay hindi natin matukoy o maipahayag sa partikular kung ano ito.

Sa kabuuan, hindi sapat na batayan ang abot ng ating sariling (pantaong) pang-unawa para gumawa ng tapos na paghuhusga sa probabilidad ng kung ano ang nasa isip ng Diyos. Bukod dito, ang paniniwala sa Diyos ay may mga kakabit na ibang mga paniniwala na nagbibigay-garantiya sa pagkilala na may saysay ang lahat ng mga pangyayari sa mundo bagama't hindi natin matukoy o maipahayag kung ano sa partikular ang saysay na ito.

## Kongklusyon

Totoo na kung sukdulan ang kabaitan ng Diyos, hahangarin niya na pigilan ang kaganapan ng kasamaan, subalit hindi kung kailangan ang pag-iral ng kasamaan para maisagawa ng Diyos ang kanyang mga plano ayon sa kanyang banal na karunungan. Totoo rin na kung sukdulan ang kapangyarihan ng Diyos, magagawa niyang pigilan ang kaganapan ng mga kasamaan sa mundo, subalit ito ay desisyon ng Diyos kung paano niya gagamitin ang kanyang kapangyarihan ayon sa kanyang banal na karunungan. Ang suliranin ng kasamaan ay umuusbong lamang kung lilimitahan ang kalikasan ng Diyos sa mga katangian niyang pagiging sukdulan ng bait at lakas, o kung lilimitahan ang kanyang kabutihan sa hangaring tanggalin ang lahat ng kasamaan sa mundo. Subalit ang Diyos na hindi rin makatarungan, maawain, o marunong, bukod sa mga iba pang katangian, ay hindi ang Diyos na pinaniniwalaang umiiral ng mga teista. Kaya, ang suliranin ng kasamaan ay hindi talaga isang hadlang sa paniniwala sa Diyos. Kung may mga bagay tungkol sa Diyos na hindi natin maipagkakasundo sa ilang kaganapan sa mundo, ito ay hindi kailangang dahil sa limitasyon ng Diyos (na magbibigay ng pagdududa sa kanyang pag-iral). Ito ay maaaring dala ng sarili nating mga limitasyon—mga limitasyon ng ating pang-unawa o ng ating kapasidad para malaman ang mga bagay-bagay. At kabilang sa mga bagay na ito ay ang saysay ng mga kaganapan ng matitinding paghihirap sa ating sariling buhay o sa buhay ng iba.

Ipinakita natin na ang palagay na salungat ang paniniwala na may Diyos sa paniniwala na may kasamaan sa mundo ay walang matibay na batayan dahil ito ay maipakikitang bunga lamang ng ilang maling kaisipan. Ang una ay ang kaisipan na ang mga ipinasiyang hindi gawin ng Diyos ay tumutukoy o nagpapahiwatig sa mga limitasyon ng kaniyang kapangyarihan. Sa partikular, ito ay ang kaisipan na ang mga bagay na hindi ginawa ng Diyos ay mga bagay na hindi niya kayang gawin. Ang ikalawa ay ang kaisipan na ang kabutihan ng Diyos ay binubuo lamang ng hangarin na pigilan ang kaganapan ng kasamaan. Sa ibang pananalita, ito ay ang kaisipan na ang pawang konsiderasyong gumagabay sa kung paano ginagamit ng Diyos ang kaniyang kapangyarihan ay ang pag-alis o pagpigil sa kaganapan ng mga posibleng kasamaan sa mundo. At ang ikatlo ay ang paniniwalang ang kaisipan ng tao ay sapat na batayan upang kilalanin ang saysay ng kaganapan sa mundo. Sa partikular, ito ay ang kaisipan na dahil hindi natin makita ang saysay ng ilang kaganapan sa mundo, tulad ng matitindi at tila walang saysay na paghihirap, walang makatuwirang dahilan kung bakit hahayaan ng Diyos na mangyari ang mga ito.[8]

## Mga Tala:

1. Para sa pagtalakay ni Aquinas sa suliranin ng kasamaan, tingnan ang aking papel na pinamagatang "A Thomistic Solution to the Problem of Evil" (2012). Tinalakay rin dito nang pahapyaw ang solusyon ni Agustin sa parehong suliranin.
2. Dito sa ating bansa, nang mangyari, halimbawa, ang trahedyang dulot ng bagyong *Yolanda* sa lalawigan ng Leyte noong 2013, kung saan marami ang namatay, hindi maiiwasang dumaan sa isipan ang katanungan kung bakit hinayaan ng Diyos na mangyari ito.
3. Sa simbolikong lohika, ito ay maipahahayag bilang: (P1 • P2)⊃~P3.
4. Sa simbolikong lohika, ito ay maipahahayag bilang: (P1 • P3)⊃~P3.
5. Sa simbolikong lohika, ito ay maipahahayag bilang: (P2 • P3)⊃~P1.
6. Sa simbolikong lohika, ito ay maipapahayag bilang: P3⊃~(P1• P3), na ang ibig sabihin, sa partikular, ay: P3⊃[(~P1• P3) v (P1• ~P3) v (~P1• ~P3)].
7. Sa simbolikong lohika, ang estruktura ng naturang pangangatuwiran ay *Modus Ponens*:

   P3⊃~(P1• P3)
   P3
   ∴ ~(P1• P3)

   Kung totoong may kasamaan, hindi totoong may Diyos na sukdulan ng bait at lakas.
   Totoong may kasamaan.
   Samakatuwid, hindi totoong may Diyos na sukdulan ng bait at lakas.

8. Ang naunang bersyon ng papel na ito ay binasa bilang isang panayam propesoryal para sa Dr. Eduardo Devesa Professorial Chair in Argumentation and Debate na ginanap noong ika-17 ng Agosto 2018 sa Bulwagang Yuchengo, Pamantasang De La Salle-Maynila. Nais pasalamatan ng may-akda ang mga dumalo at nagtanong sa nasabing panayam. Dahil sa kanilang mga tanong, nalinaw ang ilang aspekto ng papel. Nais din pasalamatan ng may-akda si Fr. Jaime Del Rosario para sa kaniyang paglinaw sa pagsasa-Filipino ng ilang teknikal na salita mula sa wikang Ingles sa larangan ng pilosopiya ng relihiyon.

## Sanggunian

Aquinas, Thomas. *The "Summa Theologica" of St. Thomas Aquinas.* Part 1 QQ. XXVII.—XLIV. Literally translated by Fathers of the English Dominican Province. London: Burns Oates & Washbourne LTD, 1937. Print.

Hoffman, Joshua, and Rosenkrantz, Gary. Omnipotence. *A Companion to the Philosophy of Religion.* Edited by Charles Taliaferro, Paul Draper, and Philip Quinn. Masachussetts: Wiley-Blackwell, 2010, 243-250. Print.

Howard-Snyder, Daniel. Introduction: The Evidential Argument from Evil. *The Evidential Argument from Evil.* Edited by Daniel Howard-Snyder. Indiana: Indiana University Press, 1996, xi-xx. Print.

Mabaquiao, Napoleon Jr. "Evil and the Divine Exercise of Evil." *Suri* 6 (2) (2017): 124-139. Print.

———. "A Thomistic Solution to the Problem of Evil." *Theoria* 2 (2012): 35-47. Print.

Mackie, J. L. "Evil and Omnipotence." Mind, New Series, 64 (254) (1955): 200-212. Print.

Plantinga, Alvin. *God, Freedom, and Evil*. Michigan: William B. Eerdmans Publishing Company, 1974. Print.

Reichenbach, Bruce. *Evil and a Good God*. New York. Fordham University Press, 1982. Print.

Rowe, William. The Problem of Evil and Some Varieties of Atheism. *The Evidential Argument from Evil.* Edited by Daniel Howard-Snyder. Indiana: Indiana University Press, 1996a, 1-11. Print.

———. The Evidential Argument from Evil: A Second Look. *The Evidential Argument from Evil.* Edited by Daniel Howard-Snyder. Indiana: Indiana University Press, 1996b, 262-285. Print.

Søvik, Atle Ottesen. *The Problem of Evil and the Power of God.* Boston: Brill, 2011. Print.

Wykstra, Stephen John. Rowe's Noseeum Arguments from Evil. *The Evidential Argument from Evil.* Isinaayos ni Daniel Howard-Snyder. Indiana: Indiana University Press, 1996, 126-150. Print.